

# MUSIKA
## Ikalimang Baitang
## Modyul 3

# PALAKUMPASANG $\frac{2}{4}$



## ALAMIN MO

Ang bawat awit o tugtugin ay may kani-kaniyang **palakumpasan**. Ito ay ang mga bilang na nakasulat sa unahan ng bawat metrong musikal. Ang bilang sa itaas ang nagsasabi kung <u>ilan ang pulso o kumpas</u> sa bawa't sukat. Ang bilang sa ibaba ang nagsasaad kung anong <u>uri ng nota</u> ang tumatanggap ng isang kumpas.


Sa **palakumpasang** $\frac{2}{4}$ , ang bilang na 2 sa itaas ay nagsasaad na may dalawang kumpas sa isang sukat. Ang bilang 4 sa ibaba ay nagsasabi na quarter note o <u>kapat na nota</u> ( ♩ ) ang tumatanggap ng isang kumpas.

Halimbawa:

2 = 2 kumpas sa isang sukat
4 = ang kapat na nota ( ♩ ) ang tumatanggap ng isang kumpas.




May <u>diin</u> sa unang kumpas ng bawat sukat.



## PAGBALIK-ARALAN MO

Bumilang ng 1, 2 nang paulit-ulit habang ginagawa ang mga kilos na ito.

1. pagmartsa
2. pagpalakpak
3. pagtapik
4. pagpadyak
5. pagpitik at iba pa



## PAG-ARALAN MO

Awitin ang larong kanta na "Ambo Hato" habang nagmamartsa.

Narito ang ritmong hulwaran ng awit. Basahin ito kasabay ng pagpalakpak.




Narito naman ang notasyon ng awit.

a. Pansinin mo ang mga bilang na nasa unahan ng awit tulad ng $\frac{2}{4}$. Ito ay ang palakumpasan ng awit.

b. Suriin mo ang unang sukat. Pansinin mo na may dalawang kapat na nota o quarter notes | ♩ ♩ |. Ang bawa't kapat na nota ay tumatanggap ng isang kumpas. Ilan ang kumpas sa bawa't sukat? Ipalakpak ang kumpas sa bawa't sukat? Ipalakpak ang kumpas habang bumubilang ng 1, 2.

Lagyan ng diin sa unang kumpas tulad nito:




c. Awitin muli ang awit habang ipinapalakpak ang $\frac{2}{4}$.

Naipalakpak mo ba nang ayos ang kumpas ng awit?

## SUBUKIN MO

Awitin mo ang “Leron Leron Sinta” habang sinasabayan ng kilos sa pagdama ng kumpas nito gaya ng

– pagpukpok ng bao



– paggamit ng patpat



## TANDAAN MO


Ang palakumpasang $\frac{2}{4}$ ay nangangahulugan na may dalawang kumpas ang bawa’t sukat. Ito ay ipinapakita ng bilang “2” sa itaas.

Ang bilang “4” sa ibaba ay nagsasaad naman na kapat na nota ( ♩ ) ang tumatanggap ng isang kumpas.

## PAGTATAYA

Awitin ang “Magtanim ay Di Biro” habang pumapalakpak ng $\frac{2}{4}$ .

Naipalakpak mo ba nang wasto ang $\frac{2}{4}$ ?



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.